	PSA 1
English	COVID-19 vaccines are FREE for everyone. But make sure and ask if there are any other costs with getting vaccinated. No one can be denied a free vaccine if they are unable to pay an administration fee. Once vaccines are widely available, anyone can get vaccinated regardless of immigration status. Protect yourself. Protect your community. Get vaccinated.
Translation	Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay LIBRE para sa lahat. Pero siguraduhin at tanungin kung may anumang iba pang mga gagastusin kapag nagpabakuna. Walang maaaring tanggihan ng libreng bakuna kung hindi nila kayang bayaran ang isang administration fee. Sa sandaling ang mga bakuna ay lubos nang available, sinuman ay maaaring magpabakuna anuman ang kanilang status sa immigration. Protektahan ang inyong sarili. Protektahan ang inyong komunidad. Magpabakuna.

	PSA 2
English	The COVID-19 vaccine protects you from getting COVID-19. If you still get COVID after you get vaccinated, the vaccine protects you from getting seriously ill. Even if you had COVID-19, you should still get vaccinated. Protect yourself. Protect your community. Get vaccinated.
Translation	Ang COVID-19 na bakuna ay magbibigay proteksyon sa inyo para hindi magkaroon ng COVID-19. Kung magkaroon pa rin kayo ng COVID pagkatapos ninyong mabakunahan, ang bakuna ay poprotekta sa inyo mula sa malubhang pagkakasakit. Kahit na nagkaroon na kayo ng COVID-19, kailangan pa rin ninyong magpabakuna. Protektahan ang inyong sarili. Protektahan ang inyong komunidad. Magpabakuna.

	PSA 3
English	COVID-19 vaccines are safe and effective. The vaccine CANNOT give you COVID-19. No other vaccine has been tested as much for its safety in U.S. history. The vaccine has been proven safe for thousands of people, including those of different races, ethnicities and ages. No other vaccine has been tested as much for its safety in U.S. history and millions of people have been safely vaccinated. Protect yourself. Protect your community. Get vaccinated.
Translation	Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay ligtas at mabisa. Ang bakuna ay HINDI magbibigay sa inyo ng COVID-19. Walang ibang bakuna ang nasuri ng ganito karaming beses para sa kaligtasan nito sa buong kasaysayan ng Estados Unidos. Ang bakuna ay napatunayang ligtas para sa libo-libong mga tao, kasama na iyong iba ang lahi, etnisidad at edad. Walang ibang bakuna ang nasuri ng ganito karaming beses para sa kaligtasan nito sa buong kasaysayan ng Estados Unidos at milyon-milyong katao ang ligtas nang nabakunahan. Protektahan ang inyong sarili. Protektahan ang inyong komunidad. Magpabakuna.

	PSA 4
English	COVID-19 vaccines are safe and effective. Side effects are normal and mean the vaccine is teaching your body how to fight the virus. You CANNOT get COVID-19 from the vaccine. Protect yourself. Protect your community. Get vaccinated.
Translation	Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay ligtas at mabisa. Ang mga side effect ay normal lang at nangangahulugan na tinuturo ng bakuna kung paano dapat labanan ng inyong katawan ang virus. HINDI kayo magkakaroon ng COVID-19 sanhi ng bakuna. Protektahan ang inyong sarili. Protektahan ang inyong komunidad. Magpabakuna.

	PSA 5
English	The COVID-19 vaccine is halal. The COVID-19 vaccine does not contain any animal products. The COVID-19 vaccine does not change your DNA. The vaccine has been proven safe for thousands of people, including those of different races, ethnicities and ages. Protect yourself. Protect your community. Get vaccinated.
Translation	Ang COVID-19 na bakuna ay halal. Ang COVID-19 na bakuna ay hindi naglalaman ng anumang mga produktong galing sa hayop Ang COVID-19 na bakuna ay hindi nagbabago sa inyong DNA. Ang bakuna ay napatunayang ligtas para sa libo-libong mga tao, kasama na iyong iba ang lahi, etnisidad at edad. Protektahan ang inyong sarili. Protektahan ang inyong komunidad. Magpabakuna.

	PSA 5
English	Stay safe after being vaccinated from COVID-19. Right now, experts don't know how long the vaccine will protect you. Even after getting the vaccine, continue to wear a mask, practice social distancing, wash your hands often, and disinfect high-touch areas frequently.
Translation	Manatiling ligtas makalipas na mabakunahan laban sa COVID-19. Sa ngayon, hindi alam ng mga eksperto kung gaano katagal kayo mapoprotektahan ng bakuna. Kahit na makalipas na mabakunahan, patuloy pa rin magsuot ng mask, sundin ang social distancing, madalas na hugasan ang inyong mga kamay, at i-disinfect madalas ang mga kalimitang hinahawakang mga lugar.